

**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OFFICE
PRESIDENTIAL NEWS DESK**

**TALUMPATI NI PANGULONG FERDINAND R. MARCOS JR.
SA WALANG GUTOM 2027 FOOD STAMP PROGRAM CARAGA KICK-OFF
[Ipinahayag sa Teatro, Dapa, Siargao | ika-29 ng Setyembre 2023]**

Thank you very much ating DSWD Secretary, Secretary Rex Gatchalian. *[Please take your seats.]*

Ang ating bisita, isa sa ating naging partner dito sa ating bagong programa na Walang Gutom ay ito po ay... Marami po tayong panauhin ngayon. That's why we have many special guests here today is because it is a very concerted effort, a very cooperative effort.

Kaya't babatiin ko: Her Excellency Marie Fontanel, who is the Ambassador of the French Republic to the Philippines *[applause]*; and the United Nations Resident Coordinator for the Philippines Gustavo González *[applause]*; and representing the Asian Development Bank, the ADB Country Director Pavit Ramachandran *[applause]*; at siyempre hindi lahat ng ginagawa ng national government ay hindi namin magagawa kung hindi tayo tinutulungan at kasama at kabalikat ang ating mga local government officials. Nandito po ang ating Congressman, Representative Francisco Jose Matugas ng First District *[applause]* *[Wala si Ace. I think nag-ano na sila --- kasi recess na ngayon ng --- natapos nila 'yung budget kaya't pati 'yung anak ko nagbakasyon na yata sila]*; ang ama ng probinsya, the Surigao del Norte Governor, Governor Robert Lydon Barbers *[applause]*; Dapa Mayor Beth Matugas and other municipal mayors who are present here today *[applause]*; sa ating mga kasamahan, all my colleagues in government; and other distinguished guests; and of course, the most important guests that we have here, ang ating mga benepisyaryo para dito sa Food Stamp Program. *[applause]*

Marajaw na hapon! (Good afternoon!)

Noong nakaraang Hulyo, sa pangunguna ng DSWD, inilunsad ng pamahalaan ang Food Stamp Program.

Kung may isang bagay na nabigyang-diin sa paglulunsad ng programang ito, ito ay ang pantay na kahalagahan ng suplay at kalidad ng pagkain. Iyan ang panibago na katangian nitong ating programa na ito.

Dahil madalas natin pinag-uusapan kailangan sapat ang food supply. Totoo nga naman 'yun. Ngunit hindi lamang food supply, kailangan ay masustansya rin ang pagkain na ating ibinibigay sa ating mga kababayan.

Kaya po dito sa Food Stamp Program ay pinag-iisipan po kung ano 'yung pangangailangan ng bawat isa at 'yan po ang aming ibinibigay sa ating mga Food Stamp. Iyong mga coupon natin ay bumibili tayong pagkain, may record. *[Naipaliwanag ba natin ito nang mabuti?]*

May record kung ano na ang nabili ng bawat pamilya para makikita naman natin, hindi naman puro candy lamang ang binili, hindi ba. Hindi lamang puro karne lang, dapat may gulay, dapat pantay-pantay. Iyon ang atin... Kaya ito'y panibagong pag-iisip.

At we do not only talk now of food supply, we do not talk only of enough in terms of food, in terms of volume, but the quality of the food and the quality of the nutrition that it provides. And that is a new aspect to this new program that we are launching today.

Dahil hindi po naman tama na [basta may] pagkain ay sapat [na]: Dapat kumpleto at balanse rin ang nutrisyon na nakukuha natin mula dito—lalo na para sa mga kabataan.

Isinusulong natin ang Food Stamp Program upang matiyak na hindi lamang busog ang mga benepisyaryo, kundi malusog, masigla, at malakas na magagampanan nila pang-araw-araw ang kanilang mga gawain.

Kaya naman, masaya ako na sinisimulan natin ngayon ang Food Stamp Program dito sa CARAGA!

Gaya ng nakita natin sa unang *batch* na nakatanggap ng Electronic Benefit Transfer o E.B.T. Cards, ang laking tulong nito sa ating pagsisikap na maibsan ang gutom ng mga mamamayan at tuluyan nang masugpo ang kahirapan sa bansa.

Maraming salamat sa Lalawigan ng Surigao del Norte na isa ring masugid na tagasuporta ng mga proyekto at adhikain ng ating administrasyon.

At I also want to congratulate mga local government officials sa inyong pagbangon mula sa naging damage, naging kamatayan dahil pagdaan ng Typhoon Odette.

At noong galing kami sa airport at papunta kami rito, nakakatuwa naman makita na ‘yung mga giba, ‘yung mga talagang sira ay dahan-dahang bumabalik na at masasabi ko, build back better ang inyong ginawa. Ibig sabihin, ‘yung bago ninyong ginawa na pag-rehab, na newly constructed ay mas maganda doon sa pinapalitan niya. *[applause]* Kaya’t kahit papaano makikita natin ang katibayan talaga ng loob ng bawat Pilipino, lalong lalo na dito sa Siargao.

Patuloy pong kumikilos ang pamahalaan, [sa] pangunguna ng DSWD, upang mapangalagaan ang kapakanan at mapabuti ang kalagayan ng lahat.

Inaatasan ko ang mga kinauukulang ahensya ng gobyerno na magtulungan tungo sa mas mahusay na pagpapatupad ng Food Stamp Program na ito.

Tiyakin natin na walang bahid ng anumang anomalya ang pamamalakad ng ating mga proyekto.

To our international partners: This program is a product of our continuing and meaningful engagement, which is why I thank you once again for supporting the Philippines.

While we strive to effectively and efficiently implement this initiative, we will also remain steadfast in creating more programs to alleviate the plight of our people.

Rest assured that your investments in the Filipino people will bring about the progress and prosperity that we all aspire for.

With your support, I am certain that we can empower even more disadvantaged Filipinos to rise up and to make a different course for their future—a future without hunger.

Para naman sa ating mga benepisyaryo: Nawa’y gamitin ninyo ang inyong mga E.B.T. cards [nang] wasto.

Katuwang ninyo ang pamahalaan hindi lamang sa pagbuo ng inyong mga pangarap, kundi sa pagsasakatuparan ng mga ito.

Tandaan po ninyo: Sa itinataguyod natin na Bagong Pilipinas, walang gutom, walang gutom at lahat ng mga Pilipino ay produktibo at may positibong pananaw sa buhay.

Maraming salamat po. Mabuhay po kayong lahat. Magandang tanghali po sa inyo!

--- END ---